Mula sa Uplook, 2001

J. B. Nicholson Jr.

Salin sa Tagalog ng “From Uplook, 2001”

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Ang Pinakamagandang Nilikha ng Diyos (Pebrero 2001)

Mula sa Uplook, Pebrero 2001. Editoryal.

Cherchez la femme. Saanman may natatanging pagpapala, lagi mong matatagpuan doon ang isang babae.

Nang pangalanan ni Adan ang mga hayop na nilikha, nabunyag sa sarili niyang puso na may kulang sa kanya. Ang dami at lawak ng kamangha-manghang gawa ng kamay ng Diyos ay lalo lamang nagpakita ng sarili niyang pangangailangan ng isang katuwang na bagay sa kanya. Pero para maibigay ang "katulong na nababagay" na iyon, may ginawang kahanga-hangang bagay ang Panginoon. Hindi Niya nilikha ang babae sa isang hiwalay na gawa. Sa halip, ginawa Niya ang kauna-unahang operasyon—may kinuha Siya mula mismo sa katawan ni Adan. Ang kinuha Niya ay isang tadyang mula sa baluti ng dibdib ng lalaki, kaya't naging mas bukas at mas madaling abutin ang kanyang puso. Mula noon, hindi na magiging buo si Adan kung hindi kasama ang kanyang asawa, dahil nasa babae ang bahagi ng kanyang buhay.

Ang korona ng kagandahan ng magandang nilikha ng Diyos ay binigyan ng tatlong pangalan. Tinawag siya ni Adan na Babae, o "kinuha sa lalaki" (sa Hebreo, Isha para sa kanyang Ish). Idinidiin nito ang PINAGMULAN NG KANYANG BUHAY. Bagama't ang buhay niya ay galing sa Diyos, ang Pinagmumulan ng lahat ng buhay, dumaan ito kay Adan. Kaya ganito ang magiging

kaayusan: titingin siya sa kanyang asawa, gaya ng pagtingin ng kanyang asawa sa Diyos.

Pero ang pagiging mapagkakatiwalaan ng asawang lalaki ay nakatali sa dalawang gagawin niya: ang "iwan" ang sarili niyang pamilya para magsimula ng bago, at ang "makisama" lamang sa kanyang asawa—ibinibigay sa kanya ang unang lugar ng katapatan sa lahat ng relasyon dito sa lupa.

Sa unang tingin, parang marupok na kaayusan ito para sa babae. Paano kung biguin siya ng kanyang asawa? Si Sara ang ibinigay na halimbawa ng ganitong mismong sitwasyon (1 Pet. 3:5-6). Binigo ni Abram ang kanyang asawa—pero hindi siya binigo ng Diyos. Kahit iwan ng asawang lalaki ang kanyang asawa—sa katawan man, sa damdamin, o sa layo ng lugar—ang Diyos ay magiging Ama sa walang ama at Asawa sa walang asawa.

Nang biguin ni Abram si Sara sa Ehipto, tinulungan siya ng Panginoon. Pagkalipas ng maraming taon, magpapadala Siya ng mga salot sa Ehipto para iligtas ang marahil dalawang milyong Judio; pero sa pagkakataong ito, nagpadala Siya ng mga salot sa kanila para sagipin ang iisang babae.

Pero hindi lang Babae ang pangalang ibinigay sa magandang nilikha ng Diyos. Mababasa natin na "tinawag ang kanilang pangalan na Adan, nang araw na sila'y lalangin" (Gen. 5:2). Ang salitang adam o adom ay may kaugnayan sa ilang ideya. Ginagamit ito para sa kulay pula at para sa lupa o alabok na pinagmulan ng tao. Ang mga pangalang Esau at Edom ay nag-uugat kay Adan. Siyempre, tayong lahat ay nag-uugat kay Adan. Gaya ng isinulat ni Pablo: "Ang unang tao ay taga-lupa, makalupa: ang ikalawang tao ay ang Panginoon na taga-

langit… at kung paanong dinala natin ang larawan ng makalupa, ay dadalhin din naman natin ang larawan ng taga-langit" (1 Cor. 15:47, 49). Iisa ang pangalan ng unang lalaki at babae dahil iisa ang kanilang likas na pagkatao, gaya nating lahat. Ang pangalang ito ng babae ay nagdidiin sa PAGKAKAISA NG KANYANG BUHAY sa buong lahing susunod sa kanya. Magkakaroon ng isang masayang eksepsiyon. Tatawagin Siyang "ang binhi ng babae," at makikibahagi Siya sa ating pagkatao nang hindi nadudumihan ng ating kasalanan. Bilang Kamag-anak, aabot ang Kanyang talaan ng angkan hanggang kay Adan (Lk. 3:38), pero bilang Manunubos, Siya ay isisilang ng isang birhen. Sa natatanging paglilihi at kapanganakang ito matatagpuan ang pinakabuong kahulugan ng katotohanang: "Siya'y maliligtas sa panganganak" (1 Tim. 2:15).

Ang ikatlong pangalan ng babae ay ibinigay sa kanya ng kanyang asawa pagkatapos ng Pagkahulog sa kasalanan. Ito ay pangalang punô ng pangako, na nagdidiin sa PAGPAPATULOY NG BUHAY. Sa isang gawa ng pananampalataya, tinawag niya siyang Chavah, o Eva, dahil, sabi ni Adan, "siya ang ina ng lahat ng nabubuhay" (Gen. 3:20). Pero hindi ba siya ang ina ng mga mamamatay? Kabibigkas pa lang ng Diyos ng sumpa, na nagtapos sa mga salitang, "ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi." Gayunman, nakita ni Adan sa kanyang asawa ang isang pag-asang hindi nabawasan ng tila imposibleng kalagayan ng sangkatauhan.

Hindi walang batayan ang ganitong pag-asa. Ang ating Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi ng mga buháy. At sa mahabang pasilyo ng kasaysayan, mula noon hanggang ngayon, matatagpuan mo ang mababangong alaala ng napakaraming babaeng ginamit ng Panginoon

para magdala ng pag-asa sa gitna ng kawalan ng pag-asa, muling pagsigla sa harap ng kabiguan, kagalakang nagpapatamis sa kalungkutan, at matatag na pagtitiwala sa Diyos habang ang mga lalaki ay lumulubog sa bigat ng pasanin. Saluduhan natin ang matatapang na babaeng ito ng pananampalataya habang dumaraan sila sa ating paningin: ang mga anak na babae ni Zelophehad, si Achsah, si Hannah, si Abigail, si Rizpah, si Huldah, si Ruth, si Esther, ang mga babaeng nagmahal kay Jesus (na tinatalakay sa isyung ito), at hanggang kay Anne of Austria, Mary Slessor, Amy Carmichael at libu-libo pang iba. May kaunti akong alam tungkol sa ganitong mga babae. Nakasama ko ang isa sa kanila sa loob ng 28 taon.

Mga Bakanteng Trabaho (Marso 2001)

Mula sa Uplook, Marso 2001. Editoryal.

Anong klaseng tao ang mag-iisip man lang na sumagot sa ganitong anunsiyo? Ang pinakamahuhusay lamang.

Isang malaking investment firm ang naghahanap ng masisigasig na taong nagnanais ng "mabuting gawa." 1 Sila ay hihilingang gumawa rin ng malaking puhunan mula sa sarili nila.2 Mas mainam kung nag-aral na sa St. Mary's College 3, pero may mahigpit na training habang nasa trabaho. Dapat handang magtrabaho paminsan-minsan hanggang hatinggabi, mabago ang personal na plano sa huling minuto, at regular na mapintasan, na karamihan ay walang batayan. Sa ngayon, napakaliit ng sahod (sa madaling salita) pero ang retirement benefits ay talagang wala sa mundong ito.4

Ang mga aplikante ay dapat may dalawang gumaganang daluyan ng luha (para "makiiyak sa nagsisiiyak" 5), isang matatag pero malumanay na tinig, mga tuhod na madalas lumuhod, at bukas na mga tainga. Bukod dito, dapat marunong magtikom ng bibig tungkol sa mga bagay na kumpidensiyal.

Ang posisyong ito ay nangangailangan ng puso ng leon, balat ng rhino, paningin ng agila, at liksi ng kambing-bundok. Gayunman, ang aplikante ay dapat isang tunay na lalaki para makapasa.

Mahalaga ang karanasan sa paglilingkod-militar para sa hari—ang paggamit ng lahat ng makukuhang baluti at sanay na kasanayan sa paggamit ng tabak 6. Kailangan din na napalaki nang maayos ang pamilya.7 Ang mag-aaplay ay dapat handang magbukas ng kanyang tahanan

sa iba, na nagpapakita ng diwang mapagpatuloy,8 magbukas ng kanyang puso sa tapat na pananagutan sa kanyang mga kapwa manggagawa,9 at magbukas ng kanyang kamay sa mga nangangailangan.

Sinumang nagnanais ng posisyong ito ay dapat marunong gumamit ng alarm clock para sa maagang paggising, gumamit ng Owner's Manual para sa sarili niyang patnubay at sa pagtuturo sa iba,10 at gumamit ng tungkod ng pastol sa paggabay sa mga ipinagkatiwala sa kanya. Hindi dapat matakot sa mahabang oras, madidilim na gabi, malalakas na bagyo, mababangis na lobo, o sa diyablo mismo, dahil natuto na siyang lubos na magtiwala sa Managing Director sa lahat ng ganitong kalagayan.

May mga bakanteng trabaho sa buong mundo pero bihirang may lipatan. Karamihan sa mga matagumpay na aplikante ay nabubuhay at namamatay sa kanilang puwesto. Dapat handang hindi mapansin ng mundo, hindi pahalagahan ng mga pinaglilingkuran, hindi maintindihan at regular na abusuhin.

Ang kompanya11 ng mga naghahanap na umupa ng ganitong mga aplikante ay binubuo ng mga dating lapastangan, mangangalunya, magnanakaw, mamamatay-tao at marami pang ibang uri ng mga walang kuwentang tao. Ang mga makakasama ng aplikante sa araw-araw ay maaaring kagulat-gulat na kahawig ng mga tupa sa kanilang ugali,12 kaya kailangang marunong ang aplikante kung paano humanap ng sariwang pastulan at tahimik na tubig,13 kung paano umiwas sa masasamang tao at sa mga upahan,14 at kung paano pakainin, pangunahan, at ingatan ang mga taong nasa kanyang pangangalaga.

Kasama sa mga benepisyo ang masayang pakikisama sa mga kapwa manggagawang may iisang pag-iisip, ang kagalakan ng trabahong mahusay na natapos, ang ngiti ng Chief Superintendent sa iyong gawa, at sa huli, ang pagsang-ayon ng "Pastol na namatay para sa kawan." Ipinangako rin ang masasaganang panahon sa Salita, kapangyarihan sa panalangin, at ang pagiging "mga kamanggagawa" ng Diyos.15

Limitado ang panahon ng alok na ito. Malapit nang isara ang branch office na ito ng kompanya, at ililipat ang lahat ng kasali sa Out-of-this-World Headquarters, kung saan hindi na kakailanganin ang ganitong mga serbisyo. 16 Kung handa at kaya mo, mag-apply ka na ngayon.

Paalala: Kahit hindi ka pumasa sa mabigat na kategoryang ito, marami pang ibang bakante sa mga sumusuportang tungkulin. Sa katunayan, may puwang para sa bawat seryoso at masipag na tao sa team.

Mga Endnote:

1. 1 Tim. 3:1 2. 1 Jn. 3:16 3. sa paanan ni Jesus 4. 1 Pet. 5:4 5. Rom. 12:15 6. Eph. 6:10-18 7. 1 Tim. 3:4 8. Titus 1:8 9. 1 Pet. 5:5 10. Acts 20:28 11. 1 Cor. 6:10-11, halimbawa 12. Tingnan ang Isa. 53; Jn. 10 13. Ps. 23:2 14. Acts 20:30; Jn. 10:12-13 15. 2 Cor. 6:1 16. Rev. 7:16-17

Ang Pagka-Ulo ni Cristo (Marso 2001)

Mula sa Uplook, Marso 2001. Artikulo.

Isang mahalagang bahagi ng pamamahala ng matatanda ay ang "panghahawak sa Ulo."

Bawat tunay na mananampalataya sa Panginoong Jesus ay may malalim na pagpapahalaga sa kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay ng Tagapagligtas. Pinahahalagahan din natin ang Kanyang ipinangakong pagbabalik; pero ano ang pagkaunawa natin sa Kanyang kasalukuyang kalagayan at paglilingkod sa kaluwalhatian?

Pitong larawan ang ibinigay sa atin sa Bagong Tipan para ilarawan ang mga gawa ng pag-ibig ni Cristo para sa Kanyang mga sarili mula sa Kanyang pag-akyat sa langit hanggang sa ating pag-akyat:

1. Siya ang Mabuting Pastol, na nag-aalaga sa mga tupa ng Kanyang pastulan (Jn. 10);

2. Siya ang Kapitan ng ating Kaligtasan, na nangunguna sa atin sa tagumpay, sa buhay man o sa kamatayan (Rom. 8:37; Heb. 2:10; 1 Cor. 15:57);

3. Siya ang Tunay na Puno ng Ubas, na umaalalay sa mga sanga at namumunga sa pamamagitan nila (Jn. 15);

4. Siya ang Pangunahing Batong Panulok, na nagbibigay ng katatagan at ganap na panukat sa gusali (1 Cor. 3:11; 1 Pet. 2:4-8);

5. Siya ang ating Dakilang Punong Saserdote, na namamagitan para sa Kanyang bayan at nagtuturo sa atin ng banal na sining ng pagsamba (Heb. 10:19-22; 1 Pet. 2:5-9);

6. Siya ang makalangit na Kasintahang Lalaki, na naghahanda ng lugar para sa atin sa Bahay ng Ama habang inihahanda naman Niya tayo para sa lugar na iyon (Jn. 14:1-3; Eph. 5:25-27);

7. Siya ang Ulo ng Katawan, ang Iglesia, na nag-aaruga at nagdidirekta sa Kanyang mga banal para sa kanilang kapwa kapakinabangan at para sa kaluwalhatian ng Diyos (Col. 1:18). Marahil sa huling larawang ito pinakamalinaw na naipapakita ang buháy at malapit na relasyon ni Cristo at ng Iglesia. Ito rin ay isang kritikal na bahaging madalas salakayin ng kaaway.

Ang Pagka-Ulo ni Cristo ay totoo para sa buong Katawan, ang pandaigdigang Iglesia. Isinulat ni Pablo sa Efeso 1:22-23: "(Ang Diyos) ay nagpasuko ng lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa, at ibinigay Siyang Ulo sa lahat ng bagay sa iglesia, na siyang Kanyang katawan, ang kapuspusan Niyaong pumupuspos sa lahat sa lahat."

Pero ang praktikal na pagkilala sa Pagka-Ulong ito ay naipapakita sa lokal na asembliya ng mga mananampalataya. Sa mga sulat sa mga taga-Corinto at sa mga taga-Colosas, nagbabala si Pablo tungkol sa panganib ng pagkawala ng ugnayan sa kanilang muling nabuhay na Ulo. Sa pagkomento sa Unang Sulat sa mga taga-Corinto, sinabi ni J. R. Caldwell,

…Gusto kong mapansin ninyo kung gaano kadalas lumalabas ang salitang 'Panginoon' sa sulat na ito. Mga animnapu't walong beses itong makikita…ibig sabihin, higit sa doble ng dami ng paglabas nito sa Sulat sa mga taga-Roma o sa alinmang ibang sulat na tumutukoy kay Cristo. May banal na layunin dito…Si Pablo, na sumusulat sa pamamagitan ng Espiritu, ay nagdidiin sa

pagka-Panginoon ni Cristo; dahil ang lahat ng kasamaang umiral noon, at ang lahat ng sektaryanismong sumibol pagkatapos, ay nagmula sa iisang ugat…ang pagsasantabi sa awtoridad ng Panginoong Jesus, at ang pagpapahintulot sa tao (sa kanyang inaakalang karunungan, sa kanyang kapalaluan at sariling kalooban) na agawin ang Kanyang lugar. Siya ang Ulo na itinalaga ng Diyos para mamuno sa "sambahayan ng pananampalataya."1

Bago nito, sa pagkomento sa 1 Corinto 1:5, "Na sa bawat bagay ay pinayaman kayo Niya, sa lahat ng pananalita at sa lahat ng kaalaman," isinulat ni G. Caldwell:

Pansinin ninyo! "Pinayaman Niya." Hindi pinayaman ng mga kaloob ng mundong ito, o ng karunungan ng mga paaralan. Ang lahat ng karunungan ng Atenas at Corinto ay hindi makapagpapayaman sa Iglesia. Sila ay pinayaman ng Taong nasa kanang kamay ng Diyos… pinayaman bilang mga bahagi ng katawan mula sa Ulo. Nagpagal si Pablo sa gitna nila at tinuruan sila, pero hindi niya sinabing sila ay pinayaman niya…ang lahat ay galing kay Cristo na Ulo. Anumang biyaya, kaalaman, o pananalita ang mayroon tayo sa mga bagay ng Diyos, ito ay nakuha natin kay Cristo! Masyado tayong madaling tumingin sa tao, at itaas siya nang lampas sa tunay niyang lugar. Ang pinakamatalino, pinakamay-kaloob, o pinakaespirituwal na naglilingkod sa ating gitna ay wala nang iba kundi daluyan lamang na dinaraanan ng pagpapalang dumadaloy sa atin mula kay Cristo.2

Sa pagsulat sa mga mananampalataya sa Colosas, nagbabala si Pablo: "Huwag hayaang dayain kayo ninuman at alisan ng inyong gantimpala…na walang

kabuluhang nagmamataas dahil sa kanyang makalamang pag-iisip, at hindi nanghahawak sa Ulo, na mula sa Kanya ang buong katawan, na tumatanggap ng pagkain sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, at pinagdugtong-dugtong, ay lumalaki ng paglaking mula sa Diyos" (Col. 2:18-19). Ang espirituwal na diyagnosis sa Colosas at sa Corinto ay nagpapaalala ng St. Vitus' Dance (Chorea), isang sakit na ang sintomas ay ang biglaan at walang kontrol na pagkislot ng mga braso at binti dahil walang kontrol mula sa utak. Ang mga pagkakabaha-bahagi sa Corinto at ang mga problema sa doktrina sa Colosas ay nagmula sa iisang pinagmulan—ang hindi "panghahawak sa Ulo."

Ang pinakamatinding halimbawa nito ay ang Laodicea. Nasa labas nakatayo ang Panginoon, hindi bilang Tagapagligtas na itinakwil, kundi bilang Panginoong binabalewala. Hindi na lumalapit sa Kanya ang mga taga-Laodicea para matugunan ang kanilang pangangailangan, dahil akala nila ay masagana sila sa espirituwal. Hindi sila nakikinig sa Kanyang tinig, kahit tumatawag Siya sa sinumang makikinig. Kumikislot ang katawan sa paputol-putol na gawain, pero ang Ulo ay nasa labas ng pinto. Ibinigay ang solusyon ng Biblia: "Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa Akin…" "Kaya magsikap ka, at magsisi." "Kung ang sinuman ay makinig sa Aking tinig at buksan ang pinto, papasok Ako…" (Rev. 3:18-20). Kailangan nating kilalanin ang ating pangangailangan at ang Kanyang probisyon; kailangan nating talikuran ang ating pagkakuntento sa sarili at bumaling sa Kanya; kailangan nating, sa pamamagitan ng paanyaya, muli Siyang tanggapin sa Kanyang nararapat na lugar bilang Panginoon.

Sa Pahayag 1, nakita ni Juan ang Panginoon na nakatayo sa gitna ng pitong gintong ilawan. Bawat ilawan ay nakapatong sa sarili nitong patungan. Hindi tulad ng menorah na may katangiang pang-Israel, ang bawat ilawan ng patotoo ay hiwalay sa iba, at may pananagutan lamang sa Isa na nasa gitna. Sa bawat isa Siya nagsasalita; mula sa bawat isa Siya humihingi ng tugon. Ang hindi pag-unawa sa prinsipyong ito ay nagdadala sa mga pagtitipon ng bayan ng Diyos sa isa pang malubhang problema tungkol sa Pagka-Ulo ni Cristo. Kapag kinikilala natin ang isang kompederasyon, o circle of fellowship, sa anumang dahilan, dahil man sa panggigipit mula sa loob o sa labas, ibinibigay natin sa tao ang nararapat na sa Panginoon.

Tandaan natin na kapag sinasabi nating autonomous (namamahala sa sarili) ang mga lokal na iglesia, hindi ito nangangahulugang hiwalay sila sa Ulo, kundi hiwalay sa pakikialam mula sa labas, o sa kompederasyon.

Isang papel na isinulat ni F. F. Bruce, at binasa sa isang kumperensiyang ginanap noong Setyembre 1954 sa High Leigh, Hoddesdon, England, ang naglalaman ng sumusunod:

Ang bawat iglesia sa lungsod noong panahon ng Bagong Tipan ay mukhang hiwalay sa pamamahala sa alinmang ibang iglesia sa lungsod, at hiwalay din sa anumang grupo ng mga iglesia. Totoo, hinikayat silang magkaroon ng pinakabuong pakikisama sa isa't isa, at lahat sila ay obligadong pasakop sa awtoridad ng Panginoon at ng Kanyang mga apostol. Walang duda na may ilang bahagi ng iglesia sa Jerusalem na gustong ipilit ang kanilang awtoridad sa mga iglesiang Hentil sa Antioquia at sa iba pang lugar, pero walang suportang ibinigay ang mga

apostol sa anumang ganitong sentrong kapangyarihan, at walang anumang ganito na ipinahihiwatig sa salaysay ng konseho sa Jerusalem sa Gawa 15…Ang kombinasyong ito ng pinakabuong pakikisamang Kristiyano at pagtutulungan, kasabay ng pagiging hiwalay sa pamamahala ng bawat lokal na iglesia, ay hindi laging madaling panatilihin, pero ito ay harang laban sa sektaryanismo (na tiyak na nangyayari tuwing kinikilala ang isang pormal o kahit hindi pormal na circle ng mga lokal na iglesia) at laban din sa kontrol ng Estado, na mas madaling maipatupad sa isang federation ng mga iglesiang may sentrong organisasyon kaysa sa napakaraming kongregasyong hiwalay sa isa't isa. (Hindi na halos kailangang sabihin, siyempre, na ang ideya na ang Estado, bilang Estado, ay may anumang boses sa mga gawain ng iglesia ay lubos na banyaga sa Bagong Tipan.) 3

Dalawa ang panganib. Totoong posibleng may magtangka, may mabuting intensiyon man o wala, mula sa loob (gaya ng napakaraming beses nang nangyari sa kasaysayan) na isentro at pag-isahin ang ganitong mga autonomous na pagtitipon ng mga mananampalataya para "mapalakas ang pagiging epektibo" o dahil sa iba pang mapanlinlang na dahilan. Ang buhol-buhol na ugat ng ganitong hindi makabiblikal na pamamahala ng iglesia ay malalim na nakabaon sa kasaysayan ng Iglesia, at hindi laging dahil sa makasariling agawan sa kapangyarihan ng mga taong gaya ni Diotrephes. Si Ignatius, isang taga-Siria mula sa Antioquia (isang "Apostolic Father"), ay hinuli ng mga awtoridad ng Roma noong mga taong 110 AD. Habang papunta siya sa Roma at sa huli ay sa pagkamartir, sumulat siya ng mga liham sa iba't ibang iglesia. Ang pagkakaisa, sabi niya sa

kanila, ay makakamit sa isang banda sa pamamagitan ng pagbunot sa mga erehiya tungkol sa persona ni Cristo, at sa kabilang banda sa pamamagitan ng pagpapasakop ng mga lider ng mga lokal na kongregasyon sa isang namumunong obispo. Habang nagpatuloy ang ganitong takbo, hindi nagtagal at ang pinakamaimpluwensiyang obispo sa anumang lugar ay nagkaroon ng awtoridad sa buong rehiyong iyon; at ito naman, sa huli, ang nagbunga ng pag-usbong ng papado.

Mahirap ang walang opisyal na pangalan sa paningin ng mundo, dahil hindi nito kinikilala ang Pangalan na pinagtitipunan natin. (Ang Pangalang ito ay hindi natatanging karapatan ng anumang grupo ng mga Kristiyano, kundi ito ang awtoridad na sa pamamagitan nito ay maaaring magtipon ang anumang pagtitipon ng mga mananampalataya.) Hindi madaling ipaliwanag ang sarili sa panahong punô ng mga tatak at label, na kinuha ng mga tao ng Diyos, na nagpapahayag sa mundo ng kahihiyan ng isang watak-watak na Kakristiyanuhan. Hindi ito madali, pero tama ang manghawak sa Ulo at manindigan para sa katotohanan ng "isang katawan" (Eph. 4:4).

Ang isa pang panganib ay mula sa labas. Maaaring makita ng Estado na makatutulong, para man sa pamamahala o para sa pang-aapi, na hilingin sa mga pagtitipon ng mga mananampalataya na magparehistro nang opisyal. Isa sa mga lumang aklat sa aking aklatan (may petsang 1702) ay may pamagat na: "The Case of the Regale concerning the Independency of the Church, upon any Power on Earth, In the Exercise of Her Purely Spiritual Power and Authority." Dapat tayong magpasalamat sa pagsisikap ng mga taong gaya ng sumulat ng aklat na ito na palayain tayo mula sa

pagkaalipin ng Iglesia sa Estado. Pero nakalulungkot na totoo na ang mga buong tapang na nakipaglaban para makalaya sa pamatok ng pang-aapi ng gobyerno ay gumawa naman para sa sarili nila ng mga tanikala ng kontrol ng relihiyosong organisasyon.

Makita man ng isang tao na kapaki-pakinabang o komportable ang gumawa ng ganitong mga pagtatangka sa sentrong pamamahala ng tao, opisyal man o basta-basta lang, o magpasakop man siya sa ganitong mga pagsisikap, hindi patas na maipagtatanggol na ito ang huwaran ng Bagong Tipan.

Sa kanyang aklat na The Church and the Churches, pinatunayan ito ni W. E. Vine:

Hindi nagtatag ang mga Apostol ng isang makalupang sistema, isang organisasyon ng mga iglesiang nakasentro sa isang relihiyosong headquarters. Ang ganitong patakaran ay kapansin-pansing wala sa kanilang mga pamamaraan at sa kanilang doktrina… Wala kang makikita sa Mga Gawa at sa mga Sulat kahit isang pahiwatig ng pagtatatag ng ganitong institusyon… Walang ganoong bagay na panlabas na pagkakaisa sa pamamagitan ng federation, affiliation o pagsasanib, maging ng mga iglesia sa isang lugar o ng lahat ng iglesia nang sama-sama.4

Ang mga circle of fellowship, mga central planning committee, mga mission board, mga opisyal na listahan at iba pang gaya nito, ay maaaring may makatwirang batayan at tinatanggap ng marami. Maaari itong magbigay sa isang tao ng pakiramdam na mahalaga siya sa isang mundong lalong nagiging malamig at walang personal na ugnayan; pero para sa mga nagsisikap

sumunod sa plano ng Kasulatan, sapat na ang panghahawak sa Ulo.

Ano ang ilang praktikal na aplikasyon ng Pagka-Ulo ni Cristo sa lokal na asembliya?

1. Dapat mag-ingat ang buong asembliya, at ang matatanda lalo na, na kilalanin araw-araw sa praktikal na paraan sa kanilang personal na buhay ang pagka-Panginoon ni Cristo. Ang Pagka-Ulo ni Cristo ay higit sa lahat ang sama-samang pagpapahayag ng pagka-Panginoon ni Cristo sa ating kanya-kanyang buhay.

2. Ang matatanda ay hindi pangunahing grupong gumagawa ng desisyon; sila ay dapat grupong nakakikilala at nakauunawa. Hindi sila tinatawag para "magpasya ayon sa sarili nilang isip" kundi para tuklasin ang isip ng Diyos sa lahat ng bagay. Walang binabanggit na galing sa pag-oorganisa o talino sa negosyo sa mga katangian ng isang matanda. Hindi nagdidiskuwalipika sa isang lalaki ang ganitong mga kakayahan para sa pangangasiwa sa lokal na iglesia, pero dapat may higit pa siya sa likas na kakayahan lamang. Dapat kaya niyang paghambingin "ang mga bagay na espirituwal sa mga bagay na espirituwal" (1 Cor. 2:13).

3. Dapat may sinadyang pagsisikap "…na ingatan ang pagkakaisa ng Espiritu sa buklod ng kapayapaan" (Eph. 4:31). Pagpalain nawa ng Diyos ang mga nag-aayos ng mga lamat sa lokal na pagsasama. "Nahati ba si Cristo?" Anumang pagkakahati sa katawan ay nagdudulot ng kalungkutan sa muling nabuhay na Ulo. Unang natutunan ni apostol Pablo ang aral na ito sa daan papuntang Damasco, sa pamamagitan ng pahayag na: "Bakit mo Ako inuusig?" (Acts 9:4). Hindi ito kailanman nakalimutan ni Pablo. Huwag din nating kalimutan.

4. Ang paglago at paggamit ng mga kaloob sa lokal na pagtitipon ay dapat maging pinakamahalagang malasakit ng lahat. Ikinalugod ng Ulo na maglingkod sa katawan sa pamamagitan ng katawan. Ang Kanyang layunin ay "lumaki tayo sa lahat ng bagay sa Kanya, na siyang Ulo, si Cristo: na mula sa Kanya ang buong katawan, na mahusay na pinagdugtong at pinagkaisa sa pamamagitan ng ibinibigay ng bawat kasukasuan, ayon sa mabisang paggawa ng bawat bahagi sa kanyang sukat, ay nagpapalago sa katawan para sa ikatitibay ng sarili sa pag-ibig" (Eph. 4:15-16). Ganito ang komento ni J. R. Caldwell sa talatang ito:

Binabantayan ni Satanas ang katotohanang ito. Alam niya na ang katawan ay mabisang matitibay lamang kapag tumatanggap ito, sa pamamagitan ng paglilingkod ng bawat bahagi at ng mabisang paggawa ng bawat bahagi, ng ibinibigay mula sa Ulo para sa pagpapakain nito.5

Nagpatuloy si G. Caldwell sa pagsasalita tungkol sa halos pangkalahatang pamamaraan sa Kakristiyanuhan na ipagkatiwala sa iisang tao, o sa iilan lamang, ang buong pasanin ng paglilingkod. "Kaya," isinulat ni G. Caldwell, "ang katawan ay nagugutom. Hindi tututol si Satanas na yumaman ang Iglesia at dumami ang ari-arian o ang karunungan at impluwensiya ng tao, basta't maipagkait lamang niya sa mga bahagi ng katawan ang nararapat nilang pagkain."

Siyempre, hindi ito nangangahulugang bawat miyembro ay may kaloob sa lahat ng paraan. Iba-iba ang mga kaloob, pero dapat lumago ang bawat kaloob sa asembliya kung gusto nating matibay ang buong katawan ng mga mananampalataya.

Kung paanong iisa lamang ang katawan, iisa lamang din ang Ulo. Walang makatututol sa Kanyang karapatan sa ating di-natitinag na katapatan. Kaya "manghawak tayo sa Ulo" nang may tapat na debosyon, na inaalalang ang Ulo ang humahawak sa atin.

Mga Endnote:

1. Caldwell, J. R. The Charter of the Church, vol. 2 (Pickering & Inglis) p. 132

2. Caldwell, J. R. The Charter of the Church, vol. 1 (Pickering & Inglis) pp. 20-21

3. Ruoff, P. O., editor The New Testament Church in the Present Day (inilathala nang pribado) pp. 29-30

4. Vine, W. E. The Church and the Churches (John Ritchie) pp.10-11

5. Caldwell, J. R. The Charter of the Church, vol. 1 (Pickering & Inglis) p. 22

Hindi Basta Isang Lugar (Abril 2001)

Mula sa Uplook, Abril 2001. Editoryal.

Ano ba talaga ang pinagkakaguluhan tungkol sa Jerusalem? May solusyon ba para sa pinahihirapang lungsod na ito?

Nakikitira ako sa mga kaibigan sa isang talagang Judiong lugar sa South Florida. May isang tabloid, ang Jewish Journal, na iniwan sa may pinto, at sinilip ko ito. Kasama ng mga ad para sa kosher catering, mga fund-raiser para sa iba't ibang Judiong kawanggawa, at isang pagsusuri sa antas ng kaligtasan para sa mga Amerikanong bumibiyahe sa Israel, may nakita akong artikulo ni Stuart Schoffman na unang lumabas sa Jerusalem Report.

Ang kanyang op-ed ay nag-aalok ng solusyon sa tinatawag na "Jewish Problem"—ilang milyong Judio na napapaligiran ng mga bansang Muslim na ayaw na nandoon sila, sa madaling salita. Ang solusyon—na isuko na ng mga Judio ang kanilang pag-angkin sa Israel—ay hindi na bago, sabi ni Schoffman, at sumipi siya ng isang mas naunang sanggunian para patunayan ito.

Si Israel Zangwell (1864-1926) ay kaibigan ng ama ng Zionism, si Theodor Herzl. Noong una, ang Zionism ay isang kilusan para maghanap ng tahanan para sa mga Judio sa anumang ligtas na bansa. Kasama sa mga pagpipilian ang Australia, Mexico, Uganda, at maging ang Mesopotamia! Pero maraming Judio ang umaasa sa muling pagsilang ng Israel sa Palestina. Ang hatiang ito sa kilusan ang nagtulak kay Zangwell na itatag ang Jewish Territorial Organization.

Gusto ng JTO na sagipin ang mga Judio mula sa kapaligirang laban sa mga Judio sa Europa, pero HINDI sila dalhin sa Palestina. Natatakot si Zangwell na ang pagbalik sa makasaysayang lupain ng Israel ay magbabalik din sa mga Judio sa Biblia. Ang sumusunod ay kinuha mula sa isang sanaysay na may pamagat na "The Territorial Solution of the Jewish Problem":

[Ang Zionism] ay kumukuha ng kanyang pangitain at mithiin mula sa nakaraan; ang Territorialism ay inilalagay ang mga ito sa hinaharap. Ang Zionism ay hindi ligtas kahit sa paghahandog ng mga hayop.

Nagpatuloy si Zangwell,

…Ang Sion ay hindi basta isang lugar—at ang pag-iwas sa lahat ng mga ugat na tanong para lamang sa isang pekeng pagkakaisa ay pagbabayaran balang araw, at may mabigat na interes.

Anong kabayaran ang nasa isip niya kung itatayo ang tahanan ng mga Judio sa sinaunang lupaing ipinangako sa mga patriarka? Na ang mga Judiong "nagbagsak na sa kautusan ni Moises" ay "magdadaldal tungkol sa hindi mapapalitang Palestina." Inilarawan niya ang Jerusalem ng mga Zionist bilang "isang lungsod ng mga pangarap…itinayo sa makalangit na pundasyon ng imahinasyon ng mga taong nananabik sa Mesiyas."

Si Zangwell, hindi tulad ng milyun-milyong Judio ngayon, ay nakita ang malinaw na ugnayan ng bayan, ng lupain, ng kautusan ni Moises, at ng pag-asa sa isang Mesiyas. Pinagdugtong-dugtong niya ang mga tuldok at hindi siya komportable sa larawang nakita niya. Hindi, ang Sion ay hindi basta isang lugar. At oo, napakalaking hindi pagtutugma na angkinin ng mga Judiong hindi

sumasampalataya ang Lupain batay sa mga Kasulatang itinatanggi nila.

"Pinagdugtong-dugtong din ang mga tuldok" ni apostol Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Galacia. Ano ang ugnayan ng kautusan at ng mga handog nito sa paraan ng Diyos sa pagliligtas? Ipinaliwanag ni Pablo:

Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ito'y ibinilang sa kanya na katuwiran…Sapagkat ang lahat ng umaasa sa mga gawa ng kautusan ay nasa ilalim ng sumpa: sapagkat nasusulat, Sumpain ang bawat hindi nananatili sa lahat ng bagay na nasusulat sa aklat ng kautusan, upang gawin ang mga ito. At maliwanag na walang taong inaaring-ganap sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan: sapagkat, Ang ganap ay mabubuhay sa pananampalataya (Gal. 3:6, 10-11).

At ano ang ugnayan ng mga pangako ng tipan at ng Mesiyas? Nagpatuloy ang apostol:

Kay Abraham nga at sa kanyang binhi ibinigay ang mga pangako. Hindi sinabing, At sa mga binhi, na parang marami; kundi parang iisa, At sa iyong binhi, na ito ay si Cristo (Gal. 3:16).

Ang mga Israeli ngayon ay may kautusang hindi nila matugunan nang matuwid ang mga hinihingi, may lupaing hindi nila maangkin nang may karapatan ang pangako, at may Panginoong hindi nila kinikilala ang pag-angkin Niya sa kanila. Itinanong ni Jeremias: "Sino ang maaawa sa iyo, O Jerusalem? o sino ang tatangis para sa iyo?" (Jer. 15:5). Ang Panginoong Jesus ang gumawa nito—

O Jerusalem, Jerusalem…gaano kadalas kong ninais na tipunin ang iyong mga anak, gaya ng pagtitipon ng

inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at ayaw ninyo! (Lk. 13:34).

Kapag ipinapanalangin mo ang kapayapaan ng Jerusalem (at dapat natin itong gawin, tingnan ang Psalm 122:6), ang totoo ay ipinapanalangin mo ang pagbabalik ng Prinsipe ng Kapayapaan. Hindi makakamit ng Lungsod ng Kapayapaan ang kanyang shalom sa anumang ibang paraan. Halika na, Mesiyas!

Ang Lungsod ng Pangalan (Abril 2001)

Mula sa Uplook, Abril 2001. Artikulo.

At ang mga pangalan ng lungsod

Halos lahat ng malalaking lungsod sa mundo ay may magkakaparehong katangian. Halimbawa, madalas silang nakatayo sa tabi ng malalaking ilog. Ang New York ay may Hudson; ang London, ang Thames; ang Paris ay may Seine; at ang Cairo, ang Nile. Pero paano ang Jerusalem? Ano ang ibig sabihin ng Mang-aawit nang isulat niya: "May isang ilog na ang mga agos nito ay nagpapasaya sa lungsod ng Diyos, ang banal na lugar ng mga tabernakulo ng Kataas-taasan" (Ps. 46:4)? Nag-iisip ba siya nang may hula, na tumatanaw sa araw na lalabas ang tubig "mula sa ilalim ng pintuan ng bahay" ng Panginoon (Ezek. 47:1)? O inaasahan ba niya ang espirituwal na kaginhawahang tinatamasa ng mga nagtitiwala sa Panginoon (tingnan ang John 7:38)?

Ang malalaking lungsod sa lupa ay ipinagmamalaki ang napakaraming populasyon na umaabot sa sampu-sampung milyon. Hindi ganoon ang Jerusalem; ang populasyon nito ay halos hindi lumalampas sa 500,000.

Karamihan sa kanila ay kinikilala bilang sentro ng politika, pero ayaw ng mga bansa na tawaging kabisera ng Israel ang Jerusalem.

Kung gayon, ano ang dahilan kung bakit ang Jerusalem ay hindi lang isang dakilang lungsod kundi ang pinakadakilang lungsod sa kasaysayan ng mundo? Ang Diyos mismo ang nagpaliwanag: "…ang Jerusalem, ang

lungsod na Aking pinili…upang ilagay roon ang Aking pangalan" (1 Ki. 11:36). Wala nang ibang lugar sa planeta na ang Diyos ng sansinukob ay tumira sa isang bahay na gawa ng tao. Wala nang ibang lugar kung saan ginawa Niyang "banal" ang isang lungsod (Isa. 52:1), at inilagay doon ang sarili Niyang Pangalan—"…ang lungsod ng Diyos" (Ps. 46:4).

Una nating nababasa ang tungkol sa pamayanang ito bilang Salem noong panahon ni Abraham at ng kahanga-hangang hari ng Salem, si Melquisedec. Makalipas ang dalawang libong taon, sa Jerusalem din, ang tunay na Hari ng Katuwiran/Hari ng Kapayapaan ay mag-aalok din ng tinapay at alak—hindi sa mga pabalik mula sa digmaan, kundi bago Siya umalis sa silid na iyon para mag-isang harapin ang pinakadakilang labanan sa kasaysayan sa Kalbaryo.

Ang pangalang Yerushalayim ay sinasabing nangangahulugang "itinatag na mapayapa," at ang dalawahang anyo nito ay tumutukoy sa mga burol na pinagtayuan nito noong una. Pero gaano kaunting kapayapaan ang naranasan ng lungsod mula nang itatag ito. Gaya ng isinulat ni Charles Gulston: "Sinasabi na kung ang dugo ay hindi nabubura, ang Lumang Jerusalem ay magiging pula, puro pula. Ang mga salitang ito, kapag tinimbang laban sa malupit na katotohanan ng kasaysayan, ay nakagigimbal sa sobrang katumpakan" (Jerusalem, the Tragedy and the Triumph, p. 23).

Nang lumaon, dadalhin ng lungsod ang pangalan ng mga Cananeong naninirahan dito—Jebus o Jebusi (Josh. 18:28). Mananatili itong muog ng mga Jebuseo hanggang sa wakas ay nakuha ito ni David sa

pamamagitan ng diskarte ni Joab (2 Sam. 5:6-10), at naging kabisera ng Israel.

Isang pangalan mula sa Kasulatan na ginagamit pa rin ngayon—dahil ibinigay ito sa burol sa timog-kanluran ng lungsod—ay Sion. Sinasabi ng Isaias 60:14: "…tatawagin ka nilang, Ang lungsod ng Panginoon, Ang Sion ng Banal ng Israel." Ang salita ay galing sa ugat na nangangahulugang "kapansin-pansin." Ginagamit ito sa pagsasalin ng mga salitang "tanda" o "palatandaan sa daan." Kaya ang Sion ay kapansin-pansin hindi lang sa kinatatayuan nitong talampas na 2,550 talampakan ang taas; kapansin-pansin din ito sa kamangha-manghang mga layunin ng Diyos.

Ang iba pang mga pangalang ibinigay sa Lungsod ng Pangalan ay bihira nang gamitin ngayon, pero napakalaki ng idinadagdag nila sa yaman ng Banal na Kasulatan. Tinawag ito ni Ezekiel na Jehovah Shammah: "…ang pangalan ng lungsod mula sa araw na iyon ay magiging, Ang Panginoon ay naroon" (Ezek. 48:35). At tiyak na naroon nga Siya! "Gayon nga, pumarito Ka, Panginoong Jesus!"

Tinawag siya ni Isaias na Ariel (na nangangahulugang "Leon ng Diyos") (29:1), at sa kulay niyang kayumangging-dilaw, para siyang leong nakayuko sa mga burol. Pero siya ang tahanan sa lupa ng "Leon ng lipi ni Juda" na sa huli ay mananaig. Kung magkagayon, sasabihin tungkol sa lungsod na ito: "Hindi ka na tatawaging Pinabayaan; ni ang iyong lupain ay tatawagin pang Giba: kundi ikaw ay tatawaging Hephzibah, at ang iyong lupain ay Beulah: sapagkat ang Panginoon ay nalulugod sa iyo" (Isa. 62:4).

Iisang Bagay (Agosto 2001)

Mula sa Uplook, Agosto 2001. Editoryal.

Ano ang nangyayari kapag napuno ang aparador mo ng mga bagay na hindi dapat naroon?

Simple ang buhay sa simula. Huminga. Kumain. Matulog. Umiyak. Iwan na ang iba sa mga nag-aalaga sa iyo. Pero hindi nananatiling ganoon ang buhay nang matagal. Parang ang nagmamadaling takbo ng ika-dalawampu't isang siglo ay lalong nagpapagulo sa buhay. Pero malinaw na nakita na ni apostol Pablo ang problemang ito noong unang siglo pa: "Natatakot ako, baka sa anumang paraan, kung paanong dinaya ng ahas si Eva sa pamamagitan ng kanyang katusuhan, ay masira ang inyong mga pag-iisip at mailayo sa kasimplehan na na kay Cristo" (2 Cor. 11:3). Inilarawan ni Pablo ang sarili niyang pamumuhay na tiyak na iba sa diwa ng kanyang panahon (at malinaw na sa ating panahon din) sa mga salitang ito: "Sapagkat ito ang aming ikinagagalak, ang patotoo ng aming budhi, na sa kasimplehan at maka-Diyos na katapatan, hindi sa makalamang karunungan, kundi sa biyaya ng Diyos, ay namuhay kami sa mundo" (2 Cor. 1:12).

Minsan ang mga komplikasyon ng buhay ay kalooban ng Diyos para sa atin. Siyempre, ang buhay ng isang ermitanyong nag-iisa, walang kuryente at walang tubig sa gripo, ay may sarili niyang uri ng kasimplehan. Walang e-mail na humihingi ng espirituwal na payo. Walang tawag sa hatinggabi mula sa mga taong nangangailangan ng tulong. Hindi siya kailanman hinihingang ibuhos ang sarili para sa iba. Pero hindi ito ang buhay na itinawag sa mananampalataya. Lalong

hindi ito ang pamumuhay ni Pablo, na nagpapaalala sa atin na tayo ay "nilikha kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa" (Eph. 2:10).

Pero malinaw na may uri ng pagpapasimple ng ating buhay na kailangan, isang uri ng espirituwal na general cleaning, kung saan regular nating tinitingnan ang mga naipon nating bagay—mga responsibilidad, gawain, ministeryo, relasyon—at itinatanong kung dapat bang nakasabit pa ang mga ito roon, na sumasakop sa espasyo ng mga aparador ng ating buhay.

Tinatawag ito ng apostol na "pagsubok." Isinulat niya: "At huwag kayong makiayon sa mundong ito: kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang masubok ninyo kung ano ang mabuti, at kalugud-lugod, at ganap na kalooban ng Diyos" (Rom. 12:2). "Pero subukin ng bawat tao ang kanyang sariling gawa, at sa gayo'y magkakaroon siya ng dahilan para magalak sa kanyang sarili lamang, at hindi sa iba" (Gal. 6:4). "Sinusubok kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon" (Eph. 5:10). "Subukin ang lahat ng bagay; panghawakan ang mabuti" (1 Thess. 5:21).

Ang ganitong proseso ng paghila sa isang bagay mula sa kinalalagyan nito sa madalas ay siksik na bodega ng ating puso, at ng pagtaas nito sa harap ng masusing tingin ng ating Panginoon, ay madalas magpapakita sa atin na kahit mabuting bagay ito, hindi ito ang mabuting kalooban ng Diyos para sa atin. Maaaring ito ay Kanyang kalooban para sa isang taong kilala mo, isang taong kailangan mong hikayatin, gaya ng ginawa ni Debora, na siya ang humawak ng gawaing iyon sa halip na ikaw.

Ang ganitong proseso, kahit madalas ay masakit para sa mga masunuring lingkod na ayaw matawag na "quitter," ay madalas na nakapagbabalik ng pokus, balanse, at kapayapaan sa buhay.

Ang salitang Griego para sa kasimplehan ay minsang isinasalin na "katapatan ng puso" o "pagiging iisa," gaya sa talatang: "Mga alipin, sundin ninyo sa lahat ng bagay…hindi sa paglilingkod na pakitang-tao, gaya ng mga nagpapalugod sa tao; kundi sa katapatan ng puso, na may takot sa Diyos" (Col. 3:22). Napakagandang naipapahayag ito kapag pinagsama ang limang talatang may "iisang bagay." Ganito kinausap ng Panginoon ang mayamang batang pinuno: "Iisang bagay ang kulang sa iyo…halika, pasanin mo ang krus, at sumunod ka sa Akin" (Mk. 10:21). Tama ang lalaking ipinanganak na bulag nang sabihin niya: "Iisang bagay ang alam ko, na dati akong bulag, at ngayon ay nakakakita na ako" (Jn. 9:25). At dapat nating pakinggan ang pagsusuri ng Panginoon: "Iisang bagay ang kailangan: at pinili ni Maria ang mabuting bahagi, na hindi aalisin sa kanya" (Lk. 10:42). Naunawaan ito ni David nang isulat niya: "Iisang bagay ang hiniling ko sa Panginoon, iyon ang hahanapin ko; na ako'y makatira sa bahay ng Panginoon sa lahat ng araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon, at magtanong sa Kanyang templo" (Ps. 27:4). At si Pablo, na nagbibigay ng isang snapshot ng kanyang buong buhay-Kristiyano, ay nagsabi: "Iisang bagay ang ginagawa ko, kinakalimutan ang mga bagay na nasa likuran, at inaabot ang mga bagay na nasa unahan, nagpapatuloy ako patungo sa hangganan para sa gantimpala ng mataas na pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus" (Phil. 3:13-14). Kaya lima ba ang bagay? Hindi,

iisa lamang. Ipinapaalala ng limang talatang ito na ang matang hindi nagagambala at nakatuon sa Panginoon ang sikreto ng buhay na may halaga sa Diyos.

Dumaraan kami sa ilang pagsubok, sa ilang pagsisiyasat ng puso, dito sa Gospel Folio Press at Uplook Ministries. Sa isyung ito, sisikapin naming ipaliwanag kung ano ang nangyayari bilang resulta. Taos-puso kaming nagpapasalamat sa inyong mga panalangin sa panahong ito.

Isang Bagong Kabanata sa GFP/ Uplook (Agosto 2001)

Mula sa Uplook, Agosto 2001. Artikulo.

Isang bukas na liham sa aming mga kaibigan.

EBENEZER: Napakalaking pribilehiyo ko ang magpagal sa nakaraang labindalawang taon sa isang isandaang-taong-gulang na palimbagan sa isang maliit na burol sa Grand Rapids, Michigan. Isang karangalan ang makatrabaho ang ilan sa pinakamasisipag, pinakamatitipid, at pinakamapagmahal kay Cristo na mga lingkod na makikita mo. Ang Araw na iyon ang maghahayag nito. Ang gawa ng mga hindi kilala at hindi napapangalanang manggagawang ito ay madalas natapos sa napakaliit na budget, sa madaling-araw, at kakaunti ang tauhan. Ang kanilang paglilingkod ay ibinigay nang walang reklamo, nang walang pagtitipid ng sarili, at sa kagalakan ng pagkaalam na "ang kaunti ay marami kapag naroon ang Diyos." Ito ay isang tradisyon ng pag-ibig, katapatan, at pagpapagal para sa pinakamabuting Panginoon, na umaabot pabalik hanggang 1926 nang unang maglagay si Bill Pell ng isang hand press sa sala ng kanyang ina. Marami nang pagbabago, pero ang pangakong iyon sa Panginoon, sa Kanyang Salita, sa Kanyang bayan, at sa Kanyang gawain ay salamat na napanatili sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at ng mga panalangin ng maraming sumusuporta sa ministeryong ito.

Alam ninyo na hindi laging madaling unawain ang isip ng Diyos para sa isang buhay, lalo na para sa isang ministeryong tulad nito. Bilang board at bilang mga

manggagawa rito, madalas naming pinag-usapan kung ano ang ginagawa ng Panginoon sa gitna ng Kanyang bayan, kung ano ang mga pangangailangan ayon sa nakikita namin, at kung ano ang maaari naming gawin para makatulong.

LUMALAGO ANG GAWAIN: Sa paglipas ng mga taon, binago namin ang marami sa mga publikasyon at nagdagdag ng iba pang ministeryo sa orihinal na gawain ng paglalathala ng literatura—mga audio tape, ang mga "Rise Up" conference, ang website, at ang pamamahagi ng mga piling Kristiyanong resources.

Nagpatuloy rin ang iba pang ministeryo. Libu-libong liham, tawag sa telepono, at e-mail ang sinagot—mga taong lumalapit sa amin na may mga tanong tungkol sa Biblia o mga espirituwal na problema; mga matatandang nagtatanong tungkol sa isang mangangaral para sa kanilang kumperensiya o sa pagsusuri ng isang ministeryong gusto nilang suportahan; mga magulang na naghahanap ng mabuting asembliya na madadaluhan ng kanilang anak habang nasa kolehiyo o habang nagtatrabaho sa London o Paris; isang tawag para sa nawawalang e-mail address ng isang misyonero; paghahanap ng isang aklat na wala na sa imprenta o ng isang taludtod ng himno; libreng tract para sa isang gospel outreach. Ang mga kahilingan (na masaya naming sinagot) ay kasing-iba-iba ng dami nila. Ang mga kamanggagawa ko ang gumawa ng pinakamalaking bahagi ng trabaho. At hanggang sa liham na ito, ang mga ministeryong ito ay hindi nabanggit at hindi naiulat sa anumang balance sheet maliban sa balance sheet ng Panginoon.

ILANG ALALAHANIN: Habang lumalawak ang ministeryo, may ilang Kristiyanong nag-alala na masyado na kaming maraming ginagawa. Ang posibilidad na maging isang uri ng di-opisyal na headquarters ng mga asembliya ang Uplook Ministries ay isang makatwirang alalahanin, at ako mismo ay pabor sa desentralisasyon. Ito ang naging lakas ng patotoo ng mga asembliya sa buong mundo, ang balanseng ito sa pagitan ng awtonomiya ng lokal na iglesia at ng pakikisama sa pagitan ng mga asembliya. Maaaring ang ginagawa ngayon ng Panginoon sa ministeryong ito ay para maiwasan na mangyari iyon.

May alalahanin din ang ilan tungkol sa mga gastusin, na makatwiran din. Hindi naman kami pinaratangan na may marangyang opisina o sobrang laking retirement package. Sinumang nakabisita sa aming simpleng maliit na lugar ay hindi maniniwala roon. Pero nahirapan kami sa pagitan ng negosyo at ng ministeryo ng operasyon—ang pagtugon sa pangangailangan ng tamang kagamitan, pagbabayad ng patas na sahod, at iba pa, kasabay ng pagbibigay ng mga libreng serbisyong iniaalok namin.

MGA KAILANGANG PAGBABAGO: Dati, nakasulat sa aming masthead na inilalathala ang Uplook ayon sa ipinagkakaloob ng Panginoon. Pero minsan, naglathala kami kahit wala ang pera. Inilathala namin ito nang libre at kusang-loob dahil marami sa mga magasing ito ay napupunta sa mga bilanggo, mga balo, mga estudyante, at mga Kristiyano sa mga umuunlad na bansa. Tatlumpung porsiyento ng aming mga subscriber ng Uplook ay hindi pa kailanman nagpadala ng suporta. Hindi kami nagrereklamo; pero totoo na ang pasaning pinansiyal ay dinadala ng iilan, at ang ilan sa kanila ay

nagbigay nang may sakripisyo, malaki man o maliit ang kaloob. Ngayon, matatag na naming patakaran na ilathala ang magasin kapag nasa bangko na ang perang pambayad sa paggawa at pagpapadala nito. Iyan ang dahilan kung bakit walang isyu ng magasin na nailathala para sa Mayo–Hulyo. Humihingi kami ng paumanhin sa anumang abalang naidulot nito sa mga gustong maiulat agad ang kanilang mga kumperensiya at iba pang balita (bagama't ipinapaskil ang mga balita sa Uplook website).

Matagal na rin naming nararamdaman na kailangang malinaw na paghiwalayin ang ministeryo at ang negosyo ng operasyon. Dahil dito, at sa iba pang dahilan, nararamdaman namin na gusto ng Panginoon na paghiwalayin namin ang dalawa, bagama't magpapatuloy ang pagtutulungan namin. Simula Agosto 1, kung loloobin ng Panginoon, ang Gospel Folio Press, ang bahaging pang-negosyo (paglalathala at pamamahagi ng de-kalidad na Kristiyanong resources), ay mag-o-operate mula sa Port Colborne, Ontario. Ang mga order ay ipapadala mula sa Canada para sa mga customer sa Canada, at mula sa US para sa mga customer sa Amerika at sa ibang bansa. Ang toll-free na order line, 800-952-2382, ay mananatili sa GFP.

Ang Uplook Ministries ay magpapatuloy sa Grand Rapids. Kung loloobin ng Panginoon, kasama rito ang magasin, ang ministeryo ng kumperensiya (para sa darating na kumperensiya sa Indianapolis man lang), at marahil ang web ministry. Aasa kami sa Kanya na gabayan kami tungkol sa iba pang posibleng gawain. Makokontak pa rin kami sa 616-456-9166.

Noong Mayo 30, isinara namin ang aming palimbagan. Nagpapasalamat kami sa Panginoon para sa aming tapat na press department sa loob ng maraming taon, lalo na kina Tim Johnson at David Pell (tingnan ang p. 6). Mula ngayon, ang lahat ng pag-iimprenta ay gagawin na ng mga printer sa labas.

Ilan sa aming mga tauhan ay maghahanap ng ibang trabaho. Pinahahalagahan namin ang inyong mga panalangin para sa kanila. Dalawang part-time na empleyado ang maiiwan sa Uplook sa ngayon, na tatapusin ang kanilang panahon hanggang sa nalalapit nilang pagreretiro. Lahat ng iba pang tutulong sa Uplook Ministries mula ngayon ay mga volunteer, o ang trabaho ay ipakokontrata habang may pondo. Malinaw na ayaw ng Panginoon na may mga empleyadong sinasahuran na hahawak sa editorial, counselling, at mga serbisyong pang-impormasyon na ibinigay namin noon. Patuloy pa rin naming ibibigay ang retirement benefits ng ilang dating matagal nang empleyado.

UMAASA SA DIYOS: Alam namin na ang lahat ng aming ginawa ay susuriin sa Hukuman ni Cristo. Anuman ang naging kalugud-lugod sa Kanya, sa Diyos ang kaluwalhatian. Anuman ang hindi, gusto naming gawin ito nang iba mula ngayon. Marami sa inyo ang nagsabi sa amin na ang karamihan sa nagawa noon ay ginamit ng Panginoon para palakasin ang loob ng Kanyang bayan at para isulong ang ebanghelyo. Nagpapasalamat kami na ginamit Niya ito nang ganoon. Pero napakarami pang lupain ang dapat angkinin! Kaya nagpapatuloy kami. Hindi kami nasisiraan ng loob, higit sa lahat dahil ang Dakilang Lingkod ng Diyos ay "hindi manlulupaypay ni masisiraan ng loob" (Isa. 42:4). Sa anumang paraan, hindi kami binigo ng Panginoon. Ito ang aming patotoo

kasama ni Josue: "…walang isa mang bagay na nabigo sa lahat ng mabubuting bagay na sinabi ng Panginoon ninyong Diyos tungkol sa [amin]; lahat ay natupad…" (Josh. 23:14).

Maliwanag ang kinabukasan ng bawat mananampalataya (at, naniniwala kami, ng ministeryong ito) dahil sa presensiya at mga pangako ng Diyos. Pinupungusan kami ng Panginoon dito, pero naniniwala kaming mabuti iyon. Matagal na naming hinihiling sa Panginoon na angkinin Niya ang ministeryong ito, na ipatong Niya ang Kanyang kamay dito sa isang bagong paraan. Naniniwala kaming ginagawa Niya iyon. Tulungan nawa kami ng Panginoon, kami sa lahat ng tao, na magkaroon ng uplook—ng pagtingala—at maniwala na ito ang sagot sa aming mga panalangin. Kung talagang ang Panginoon ang nag-aayos ng aming mga hakbang, kung gayon ay "malugod tayo sa Kanyang daan."

Sa Kanyang biyaya

Malaking Pagkakaiba (Setyembre 2001)

Mula sa Uplook, Setyembre 2001. Editoryal.

Ano ang magagawa ng iisang tao? Ano ang pagkakaibang maidudulot nito?

Totoo na ang bato—matigas at walang buhay na bato—ay maaaring maging lupang mataba, masagana, at madaling bungkalin. Napakataba nito na mapakakain ang mga nagugutom sa mundo mula sa kapatagan nito. Napakalambot nito na kaya ng isang bata na padaanin ang lupa sa pagitan ng kanyang mga daliri. Paano ito nangyayari? Anong mga puwersa ang tumatama sa ganito katigas na bagay?

Kaya itong gawin ng isang patak ng ulan. O ng isang snowflake. Isang maliit na binhing tinangay ng hangin mula sa kalapit na puno. O ang mga gumagapang na tangkay ng isang ligaw na bulaklak na itinakdang kumapit sa ibabaw ng isang matigas na granite.

Totoo ba ito? Kaya ba ng ganito kaliliit na bagay na magdulot ng malaking pagkakaiba? Ang mga pedologist, ang sosyal na tawag sa mga siyentipiko ng lupa, ay nagsasalita tungkol sa pisikal na pagkadurog at kemikal na pagkabulok ng bato. Minsan, pumapasok ang mga patak ng tubig sa ibabaw ng bato at saka nagyeyelo sa loob, lumalaki ito at pisikal na binabasag ang bato. Sa ibang pagkakataon naman, tinutunaw ng tubig ang mga mineral sa bato.

Ang hangin, niyebe, yelo, lumot, ugat ng puno, at marami pang ibang halos hindi mapansing puwersa ay

dahan-dahang ginagawang lupa ang bato. Sa katulad na paraan, ang madalas ay kasing-tigas-ng-batong puso natin ay lumalambot sa malumanay na impluwensiya ng maliliit na bagay. Hindi mo ba ito naranasan sa iyong buhay? Kaunting kabaitang ipinakita; kaunting salita ng pagtutuwid, pagtuturo, pag-aliw, o pagpapalakas ng loob; kaunting salita ng panalangin sa oras ng krisis; isang maikling talata ng Kasulatan na inilapat ng Espiritu sa ating pangangailangan; isang maikling bahagi ng makahulugang himno—at ang maaari sanang karanasang nagpatigas sa atin ay nagpalambot pa nga sa atin.

Naaalala ko ang mga salita at gawang ganoon sa aking buhay. Ang malumanay na kamay ni Dave Sylvester sa aking balikat pagkatapos ng isang bautismo at ang mas malumanay pa niyang mga salita, "Ano ang humahadlang sa iyo para magpabautismo?" Ang mahinahon at mabait na tinig ni Les Dockstader (na dating boksingerong walang gloves bago siya pinalambot ng Diyos sa pamamagitan ng ebanghelyo) na tinawag ako sa isang tabi pagkatapos ng isang Hapunan ng Panginoon kung saan hindi narinig ang aking tinig: "Sino ang nakaupo sa tuhod mo kaninang umaga?" O ang mga salita ng isang mahal na kapatid na babae na nakatayo sa tabi, habang pinapanood ang isang nakatatandang kapatid na itinutuwid ako pagkatapos kong mangaral. "Makinig ka sa kapatid na iyan," sabi niya, "malaking tulong sa iyo kung matututo kang tumanggap ng pagtutuwid. Pero gusto kong malaman mo na pinalakas mo ang loob ko ngayong gabi."

Siyempre, alam natin na kapag nadiinan, ang lupa ay maaari ring maging bato. Ang sedimentary rock ay dating lugar na kayang bumuhay ng buhay, kung saan

ito'y maaaring yumabong. Pero sa ilalim ng diin na pumipiga sa buhay nito, naging bato ang lupa. Ganoon din, ang mahihirap na bagay sa buhay ay maaaring magpatigas sa atin. Dahil sa bigat ng mga pangyayari, maaari nating makita ang ating kaluluwa na nagiging walang buhay at manhid. May pag-asa pa ba kapag tumingin tayo sa loob at nakita lang natin ang isang tigang na disyerto kung saan dati ay may yumayabong na hardin? Pakiramdam natin ay bagay sa atin ang paglalarawan ng Panginoon sa leviathan: "Ang kanyang puso ay kasintigas ng bato; oo, kasintigas ng pang-ibabang gilingang bato" (Job 41:24). May pag-asa pa ba para sa atin?

Nangako ang Panginoon sa Israel na ibabalik Niya ang ilang na lupaing ibinigay Niya sa kanila: "Ang disyerto ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosas" (Isa. 35:1). Pero sinabi rin Niya na may magagawa Siya sa kanilang mga pusong-disyerto: "Bibigyan Ko rin kayo ng bagong puso…aalisin Ko ang pusong bato…at bibigyan Ko kayo ng pusong laman" (Ezek. 36:26).

Napakalaking pagkakaiba ang maidudulot ng Panginoon sa buhay ng iba sa pamamagitan natin! Napakalaking kapangyarihan para sa pagpapala (o sa kapahamakan) ang nasa ating mga salita at gawa. Ang "salitang sinabi sa tamang panahon" ay kasing-nakabubuti ng mansanas, kasinghalaga ng ginto, at kasingganda ng isang magandang painting (Prov. 25:11). Isang di-kilalang manunulat ang sumulat ng paalalang ito para sa ating lahat:

> *Ano ang halaga nito pagkaraan ng kaunting panahon*
> *Na sa isang araw ay nagkita tayo at nagbigay ng isang salita,*

Isang hawak, isang ngiti sa daan?
Ano ang halaga kung matapang ba ang mga puso,
At tapat ang mga buhay, na ibinigay mo sa akin
Ang malasakit na hinahanap ko, gaya ng pagbibigay ko sa iyo?
Ang maliliit na bagay na ito, maaari kaya
Na sila ang nagpapabuti o sumisira sa buhay ng tao?
Ang mga kaluluwa ba ay kasingdaling iugoy ng mga talahib
Sa bagyo o sa gulo? Oo! Oo!
Ang isang tingin ay maaaring dumurog sa nanghihinang puso,
O magpagaling dito;
At ang isang salitang binigkas lamang alang-alang sa matamis na pag-ibig
Ay maaaring magligtas ng isang kaluluwa.

Mosaic na may Isang Bilyong Piraso (Oktubre 2001)

Mula sa Uplook, Oktubre 2001. Editoryal.

Ang lupaing tinatawag na India, sa laki ng pangangailangan nito, ay sumisigaw sa ating mga puso.

Noong Mayo 11, 2000, opisyal na umabot sa isang bilyon ang populasyon ng India—hindi isang bilyong numero sa estadistika kundi isang bilyong kaluluwa na pinagkamatayan ni Cristo. Hindi ko ito maabot ng isip. Hindi ito pumapasok sa utak ko. Nababasa ko ang mga numero pero ano ba ang ibig sabihin ng mga ito? Isinulat ni Augustine of Hippo, "Hindi natin dapat maliitin ang agham ng mga numero. Ang agham na iyon ay malaking tulong sa maingat na tagapagpaliwanag." Pero paano niya ipapaliwanag ang mga numerong ito?

Humigit-kumulang 340 milyong taga-India ay wala pang 15 taong gulang. Sampung libong bata araw-araw ang namamatay sa gutom (habang milyun-milyong dambana ang tumatanggap ng pagkain araw-araw). Laganap ang child prostitution—sa Bombay pa lang ay may mahigit 100,000 prostitute, karamihan sa kanila ay menor de edad. May 3.2 milyong ketongin, 10 milyong bulag (ikaapat na bahagi ng kabuuan sa buong mundo), 60 milyong bingi. Bagama't isa sa pinakamalalaking bansa sa mundo na may lawak na 1,269,219 square miles (3,287,263 sq. km.), sa anumang pamantayan, malalaking bahagi ng India ay sobra na ngayon ang populasyon. Mula sa populasyong halos 300 milyon noong 1900, dumarami ito nang mga 1800 bawat oras! Ang ikalawang edisyon ng The World Christian

Encyclopedia, na kalalabas pa lang, ay naglalarawan ng kalagayan:

Ang napakalaki at lumalaking populasyon ng India ay nagpapalaki sa bawat pangangailangan at problema ng tao hanggang sa sinlaki ng Himalaya. Sa bilis ng paglago na 1.8% bawat taon, ang mga taong nadaragdag sa bansa bawat taon ay katumbas ng populasyon ng Australia. Tinatayang ang kayang buhayin ng India ay hindi hihigit sa 300 milyon, kaya sa katunayan, mahigit 600 milyon ang hindi napakakain, nadadamitan, o napapatira nang maayos.…Tinatayang 48% ang hindi marunong bumasa at sumulat sa buong bansa, pero sa ilang lugar…umaabot ito sa 87%. Ang inaasahang haba ng buhay ay 64 na taon, pero iba't ibang sakit ang sumasalanta sa mahihirap na taga-nayon, kaya ang kanilang mga produktibong taon ay hindi hihigit sa 40. Ang kita bawat tao ay $240, pero napakaraming walang trabaho sa mga lungsod na nagtitiis mabuhay araw-araw sa wala pang 10 sentimo bawat araw. Ang pang-araw-araw na suplay ng calorie ay 2,229, pero ang karaniwang pagkain ay kulang na kulang sa mahahalagang sustansiya at protina kaya masasabing halos hindi ito mas mabuti kaysa sa pag-aayuno.…Halos 41% ng populasyon sa lungsod at 51% ng populasyon sa probinsiya ang nabubuhay sa ilalim ng poverty level. Ibig sabihin, ang karamihan ng mga taga-India ay nabubuhay sa walang-tigil na paghihirap sa buong buhay nila (p. 361).

Umiiral ang mga kalagayang ito sa kabila ng isa sa pinakamahuhusay na sistema ng mas mataas na edukasyon sa mundo, isang maunlad na industriya (ika-10 pinakamalaki sa mundo), at isang medyo maayos na imprastraktura. At ang pinakamasaklap ay ito: Na

pagkatapos "mabuhay sa walang-tigil na paghihirap sa buong buhay nila" ng milyun-milyong ito, isang walang-pag-asang walang hanggan ang naghihintay sa karamihan sa kanila.

Paano mo maiintindihan ang India? Ang isang bilyong taong ito ay nakatira sa isang lupaing tahanan ng labing-anim na pangunahing wika at daan-daang maliliit na wika, libu-libong grupong etniko, at napakaraming relihiyon. Sa tingin ko, ang India, gaya ng alinmang ibang bansa, ay dapat maunawaan nang isang tao sa bawat pagkakataon. Maaaring ipakita ng estadistika ang laki ng hamon, pero ang bawat kaluluwa, sa aklat ng Diyos, ay mas mahalaga kaysa sa buong mundo. Kung gayon, saan tayo magsisimula?

Maaari tayong makiusap sa Diyos para sa India: Kailangan nating malaman ang tungkol sa lupain, sa mga manggagawa, sa mga hamon. Kailangan nating manalangin nang malalaking panalangin sa ating makapangyarihan at mapagbigay na Diyos. Gustung-gusto Niya ang katapangan sa pananampalataya na may kasamang malasakit sa mga kaluluwa. Isinulat ni William Carey bago siya dumating sa India noong 1793: "Isang malawak na bukid ang nakabukas sa bawat panig, at milyun-milyong pinahihirapan ng kamangmangan, pamahiin, at pagsamba sa diyus-diyosan ang nakikiusap sa bawat pusong umiibig sa Diyos. Oh, na maraming manggagawa nawa ang maisugo sa ubasan, at ang mga Hentil ay dumating sa pagkaalam ng Katotohanan!"

Maaari tayong magbigay para sa India: Walang duda na maraming pulubi at manloloko na susubukang pakinabangan ang pagbibigay ng mga Kristiyano sa

Kanluran. At dapat tayong mag-ingat na hindi makapinsala sa pamamagitan ng ating pera. Pero hindi ibig sabihin nito na walang mabuting paraan para mamuhunan sa gawain ng Diyos sa India. Kung gagawin nang may karunungan, maaaring dumami nang isandaang ulit ang ating resources dahil sa mababang halaga ng mga bilihin at serbisyo roon.

Kung wala nang iba, dapat tayong umiyak para sa India. Tulungan nawa ng Diyos ang madalas ay sobrang layaw, makasarili, at madaling magambala nating mga pusong taga-Kanluran na tumibok nang kaunti pang tulad ng Kanyang puso, na tungkol sa Kanya ay nasusulat: "Nang makita Niya ang napakaraming tao, Siya ay nahabag… dahil sila'y nanlulupaypay at nagkalat, gaya ng mga tupang walang pastol" (Mt. 9:36).

Tatlong Pasanin, Iisang Likod (Nobyembre 2001)

Mula sa Uplook, Nobyembre 2001. Editoryal.

Gaano ba karami ang inaasahang pasanin ng isang tao?

Ang katawan ng tao ay may sarili nitong bigat, na may mga kalamnan at organ, balat, ugat at daluyan ng dugo na maingat na nakabalot sa kalansay nito. Pero ang katawan ay ginawa para magpasan ng higit pa sa sarili nito.

Ganoon din ang kaluluwa. May puwang sa ating puso at isip para sa iba, para sa kanilang kagalakan at kalungkutan, sa kanilang mga pagpapala at pasanin. "Huwag tingnan ng bawat isa ang sarili niyang kapakanan, kundi tingnan din ng bawat isa ang kapakanan ng iba" (Phil. 2:4). Binanggit ni Pablo si Timoteo bilang halimbawa nito: "Wala akong kasing-isip niya, na tapat na magmamalasakit sa inyong kalagayan" (v. 20).

Kapag tayo ay "nakikiiyak sa mga umiiyak" (Rom. 12:15), ang isang bahagi ng kanilang kalungkutan ay pinapasan ng ating puso, at ang ilan sa mga luhang iiyakin sana nila ay dumadaloy na ngayon mula sa ating mga mata, kaya't gumagaan nang kaunti ang kanilang pasanin. Maaaring isipin natin na hindi natin kayang magpasan ng higit sa sarili nating dala, pero kung may puso tayong tumulong, palalakihin ng Panginoon ang kaya nating pasanin. Sabi nila, marami kang malalaman tungkol sa isang tao kung, kapag mabigat ang pasanin, ang hinihingi niya sa Panginoon ay mas magaang dala o mas matibay na likod.

Inilalarawan ng Salita ng Diyos ang mga pasaning ito na dapat harapin ng bawat masunuring mananampalataya.

Ang Sarili Nating Pasanin na Dapat Nating Dalhin

"Subukin ng bawat tao ang kanyang sariling gawa, at sa gayo'y magkakaroon siya ng dahilan para magalak sa kanyang sarili lamang, at hindi sa iba. Sapagkat ang bawat tao ay magdadala ng kanyang sariling pasanin" (Gal. 6:4-5). Ang buhay-Kristiyano ay inilalarawan bilang isang mahirap na takbuhan na dapat takbuhin, isang bukid na punô ng damo at bato na dapat bungkalin, isang mabangis na labanan na dapat ipaglaban, pero hindi kailanman bilang isang piknik o party. Pansinin ang ugnayan sa mga talatang ito ng gawa, pasanin, at kagalakan ng isang tao. Gaya ng paglalarawan ng makata: "Magpakatatag ka! Wala tayo rito para maglaro, mangarap, magpaanod-anod; may mabigat tayong trabahong gagawin, at mga pasaning bubuhatin. Huwag iwasan ang pakikibaka—harapin mo ito; ito'y kaloob ng Diyos" (M. D. Babcock).

Bagama't totoo na tinawag tayo ng Panginoon mula sa mundo para maging bahagi ng bagong samahang ito na tinatawag na Iglesia, totoo rin na binigyan Niya ng kakayahan ang bawat mananampalataya, kaya kahit mag-isa, may mapagkukunan siya para magpatuloy. Ang Espiritung nananahan sa atin, ang buhay na walang hanggan ng Diyos, ang pamamagitan ng ating Dakilang Punong Saserdote, ang daan sa panalangin, ang buong baluti ng Panginoon—ilan lamang ito sa mga kamangha-manghang mapagkukunan ng bawat Kristiyano para "dalhin ang kanyang sariling pasanin." Gusto ng Diyos

ng mga manggagawa, hindi ng mga tamad na umiiwas sa trabaho.

Mga Pasanin ng Iba na Dapat Nating Dalhin

"Magdala kayo ng pasanin ng isa't isa at sa gayo'y tuparin ang kautusan ni Cristo" (Gal. 6:2). Mahirap ang mundo diyan; hindi ko na kailangang sabihin iyan sa iyo. Kaunting pagdalaw sa mga tahanan ng bayan ng Diyos, kaunting habag, kaunting kahandaang maging tagapagpasan ng pasanin, at agad mong matutuklasan na bawat pamilya ay may sariling dalamhati. Sa likod ng maraming ngiti ay nakatago ang malalalim na anino sa kaluluwa. Ang Isa na "nagdala ng pasanin hanggang Kalbaryo" ang nagpasok ng moral na kautusang ito sa Kanyang kaharian: kapag ako, gaya ng Mabuting Samaritano, ay nakakita ng isang sugatang buhay na sinalakay ng mga magnanakaw na gustong nakawin ang kanyang kagalakan, kapayapaan at seguridad, hindi ako dapat tumingin sa ibang direksiyon. "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili" ang pinakamadalas na sinisipi na pahayag sa Bagong Tipan, at may mabuting dahilan. Ang Isa na tinawag na Samaritano (na hindi ito itinanggi, Jn. 8:48-49) ay tumawid hindi lang ng isang daan kundi ng buong sansinukob para hanapin tayo kung saan tayo nakahandusay at iligtas tayo. "Tayong malalakas ay dapat magdala ng mga kahinaan ng mahihina" (Rom. 15:1).

Kapag Parang Masyadong Mabigat ang Pasanin

"Ilagay mo ang iyong pasanin sa Panginoon, at aalalayan ka Niya" (Ps. 55:22). Ang nasa gilid na salin para sa "pasanin" ay "ang itinakda Niya sa iyo." Maaaring

naaalala mo ang kuwento ng batang lalaking nakatayo na nakaunat ang mga braso para tanggapin ang panggatong mula sa kanyang ama. Sabi ng isang kaibigang nakatayo sa tabi, "Hindi pa ba sapat iyan, anak?"

"Alam ng tatay ko kung kailan sapat na," sagot niya.

Alam nga Niya. "Tapat ang Diyos, na hindi Niya kayo hahayaang tuksuhin nang higit sa inyong makakaya" (1 Cor. 10:13), kundi magbibigay Siya, sa mga pagkakataong pakiramdam mo ay hindi mo na kaya, ng "daang matatakasan, upang inyong matiis." Si Pedro, na sumigaw sa oras ng krisis, "Guro, wala Ka bang pakialam na mamamatay kami?" ay sumulat nang lumaon, "Ilagak ninyo sa Kanya ang lahat ng inyong alalahanin, sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo." Walang sinumang nagmalasakit sa iyo nang gaya ni Jesus.

Pag-ibig na Nagkatawang-Tao (Disyembre 2001-Enero 2002)

Mula sa Uplook, Disyembre 2001-Enero 2002. Editoryal.

Ang paglalakbay sa pagitan ng dalawang mundo.

Sa tingin mo ba ay maibubuod natin ang mensahe ng Lumang Tipan sa tatlong salita lamang? Kung oo, sa tingin ko ito ang mga iyon: Darating si Jesus! Makikita mo ito sa halos bawat pahina.

PINAG-ISIPAN ITO NG MGA PATRIARKA. Nanabik si Job sa isang tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng tao "…na makapagpapatong ng Kanyang kamay sa aming dalawa" (Job 9:33); sa paggawa nito, inasahan niya ang "iisang tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng mga tao" (1 Tim. 2:5). Sabi ng Tagapagligtas, sa banal na pagbabalik-tanaw, "Ang inyong amang si Abraham ay nagalak na makita ang Aking araw: at nakita niya ito, at natuwa" (Jn. 8:56). At ano ang nakita ni Jacob sa Peniel nang ipahayag niya, "Nakita ko ang Diyos nang mukhaan" (Gen. 32:30)? Katulad ba ito ng inilarawan ni Pablo bilang "…ang liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesu-Cristo" (2 Cor. 4:6)? Nakita ni Moises ang kaluwalhatian ng Diyos mula sa siwang ng bato sa Sinai nang sabihin sa kanya ng Panginoon, "Tatakpan kita…ng Aking kamay habang Ako'y dumaraan: at aalisin Ko ang Aking kamay, at makikita mo ang Aking likod: pero ang Aking mukha ay hindi makikita" (Ex. 33:22-23). Pero paano ito maihahambing sa nakita niya sa Bundok ng Pagbabagong-anyo?

INASAHAN ITO NG MGA TIPO AT ANINO. Gaya ng isang libong daliri, itinuro nila ang lampas sa isang malayong abot-tanaw; gaya ng napakaraming mata, sumilip sila sa ulap ng mga taong hindi tiyak; gaya ng isang koro ng mga tinig, sumigaw sila sa mahabang gabi, "Darating Siya!"

Tiyak na hindi lang lilibakin ng Diyos ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng isang Moises na kayang ilabas ang kanyang bayan pero hindi sila kayang ipasok; ng isang Josue na nagpasok sa kanila pero hindi sila mabigyan ng kapahingahan; ng isang David na nagbigay sa kanila ng kapahingahan mula sa kanilang mga kaaway, pero hindi napagtagumpayan ang labanan para sa muog ng sarili niyang puso. Dapat may Isang mas dakila kaysa kay Moises na Tagapagbigay ng Kautusan, mas mabuti kaysa kay Josue na Kapitan, mas maaasahan kaysa kay David na Prinsipe. At mayroon nga, at Siya ay paparating na.

Siya ang tutugma sa ahas sa tikin, sa leong nananaig, sa korderong nasa altar, sa mayang nag-iisa sa bubungan, at sa usang hinabol hanggang kamatayan ng mga aso. Siya ang magiging liwanag sa kadiliman, ang bukal sa ilang, ang kanlungan sa bagyo, at ang butil ng trigo na sa pamamagitan ng kamatayan ay naging aning napakalaki na tanging kamalig ng langit ang makapaglalaman nito. Ugat at Sanga, Kordero at Pastol, Bituin at Araw, Batong Panulok at Batong Pangulo, Lingkod at Hari, Sanggol at Ama ng Walang Hanggan—kailangang dumating si Jesus!

SINIYASAT ITO NG MGA PROPETA (tingnan ang 1 Pet. 1:10-11). Siya ang Nagdurusa ni Isaias (53:3), ang Balsamo sa Gilead ni Jeremias (8:22), ang Tanim na

Tanyag ni Ezekiel (34:29), ang Matanda sa mga Araw ni Daniel (7:9-11), ang Hamog ni Oseas (14:5), ang Nais ng lahat ng Bansa ni Hagai (2:7), ang Pastol ni Zacarias at ang Araw ng Katuwiran ni Malakias (4:2), kasama ng daan-daan pang iba. Kung may mata kang nakakakita, mapapanood mo ang puting liwanag ng banal na katotohanan na nahahati sa isang bahaghari ng napakagagandang tipo, mga mesiyanikong awit, at mga larawang propetiko.

Pero kung ang Lumang Tipan ay inilalarawan ng pahayag na, Darating si Jesus! ang Bagong Tipan naman ay tiyak na nasasaklaw ng tatlong pahayag na, Dumating si Jesus! at Narito na si Jesus! at Muling darating si Jesus!

Gayunman, dumating Siya sa unang pagkakataon hindi lamang para tuparin ang mga propetikong kasulatan. Dito, sa sarili Niyang mga salita, nililinaw Niya ang mga dahilan ng misyon: "Sapagkat bumaba Ako mula sa langit, hindi para gawin ang Aking sariling kalooban, kundi ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin" (Jn. 6:38). "Huwag ninyong isipin na naparito Ako para sirain ang kautusan, o ang mga propeta: hindi Ako naparito para sirain, kundi para tuparin" (Mt. 5:17). "…Hindi Ako naparito para hatulan ang mundo, kundi para iligtas ang mundo" (Jn. 12:47). "…ang Anak ng tao ay naparito hindi para paglingkuran, kundi para maglingkod, at ibigay ang Kanyang buhay na pantubos sa marami" (Mt. 20:28). "… Hindi Ako naparito para tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi" (Mk. 2:17). "Huwag ninyong isipin na naparito Ako para magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi Ako naparito para magdala ng kapayapaan, kundi ng tabak" (Mt. 10:34).

Gaya ng makikita, ang pagiging komplikado at dami ng mga isyung dapat lutasin ay magagawa lamang ng iisang Persona, at Siya, salamat, ay handang gawin ito. Ang halaga ng kampanyang ito ay napakalaki kaya ang May-ari ng lahat ay naging dukha sa proseso. Ang paglalakbay na ginawa Niya sa pagbaba "mula sa langit" ay hindi pa kailanman nadaanan noon. Dumating Siya—para sa iyo at para sa akin.

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.